# ANG INYONG CHECKLIST SA LIGTAS NA PAGLULUTO

## ANG MGA SUNOG SA PAGLULUTO ANG #1 NA SANHI NG MGA SUNOG SA BRAMPTON.



## GAMITIN ANG MGA TIP SA PAGLULUTO NA ITO PARA MAIWASAN ANG SUNOG SA KUSINA SA INYONG TAHANAN.

- ☑ **MANATILI SA KUSINA** habang nagluluto, nagpiprito, nagpapakulo, at nag-iihaw ng pagkain. Patayin ang burner kung aalis ka sa kusina para sa anumang dahilan.
- ☑ **MANATILI SA INYONG TAHANAN** kapag nagpapakulo, nagbe-bake o nag-iihaw ng pagkain. Madalas itong tingnan at gumamit ng timer bilang paalala na may niluluto ka.
- ☑ **MAGING ALERTO AT MAPAGMASID** kapag nagluluto. HUWAG magluluto kung ikaw ay hindi alerto, inaantok, naka-inom ng alak, droga o gamot.
- ☑ **ILIPAT ANG MGA BAGAY NA MAAARING MASUNOG** at mag-apoy, papalayo mula sa stovetop. Hal. Mga oven mitt, potholder, tuwalya, tela, kagamitan sa pagluluto, packaging ng pagkain, atbp.
- ☑ **IWASAN ANG PAGKASUNOG NG KASUOTAN** sa pamamagitan ng pagsusuot ng maikli, sukat na sukat o mahigpit ang pagkakaikot na mga manggas habang nagluluto.
- ☑ **I-UNPLUG ANG MALILIIT NA MGA APPLIANCE** kapag hindi ginagamit. Laging hayaan itong lumamig muna bago linisin at iligpit.
- ☑ **MAGING HANDA** sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga oven mitt at takip ng kawali sa tabi ng kalan habang nagluluto.

## MGA AKSYONG ISASAALANG-ALANG KUNG MAY SUNOG

### ISANG MALIIT NA SUNOG SA MANTIKA O LUTUAN

- **HUWAG buhusan ng tubig ang isang nag-aapoy na mantika!**
- Suutin ang inyong mga oven mitt para protektahan ang inyong mga kamay.
- I-slide ang takip ng lutuan para patayin ang apoy.
- Patayin ang burner at huwag galawin o alisin ang takip hanggang sa lumamig ang lutuan.
- HUWAG subukang hawakan at buhatin ang isang nag-aapoy na lutuan, susunugin nito ang inyong balat at kapag nahulog ay kakalat ang apoy.

### ISANG SUNOG SA OVEN

- Patayin ang oven at panatilihing nakasara ang pinto.
- **Huwag bubuksan ang pinto ng oven hanggang sa lumamig ito at lubos na napatay ang apoy.**

### ISANG SUNOG SA MICROWAVE.

- Patayin agad ang microwave para mapigilan ang fan sa pagbibigay ng oxygen sa apoy.
- **Huwag bubuksan ang pinto ng microwave hanggang sa lumamig ito at lubos na napatay ang apoy.**

---

## ANG SUNOG SA KUSINA AY LAGING EMERHENSIYA;
## I-DIAL AGAD ANG 9-1-1, KAHIT NA SA AKALA MO AY PATAY NA ANG SUNOG.

**BAKIT?** Ang apoy, init at usok ay maaaring kumalat sa ibang mga lugar nang hindi mo namamalayan.

Subukan lamang na patayin ang isang maliit na sunog sa kusina kung ligtas itong magagawa.
**KAPAG MAY ALINLANGAN: LUMABAS AT MANATILI SA LABAS! LAGING TUMAWAG SA 9-1-1.**

905.458.5580
bramptonfire.com
firelife@brampton.ca
BramptonFire
@BramptonFireES
BRAMPTON
BRAMPTON FIRE EMERGENCY SERVICES